REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

**KAPASIYAHAN BILANG 92-20**

**KAPASIYAHAN NA ITINATALAGA ANG KGG. LUCIO B. CONSTANTINO BILANG KINATAWAN NG SANGGUNIANG BAYAN SA PEOPLE'S LAW ENFORCEMENT BOARD (PLEB).**

************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa R.A. 6975,ang Sangguniang Bayan ay kinakailangang may kinatawan sa PLEB;

**SAPAGKAT,** ang PLEB ay isang hapag na mayroong malaking pananagutan sa mga paksang may kinalaman sa mga nagkakamaling kagawad ng pulisya;

**SAPAGKAT,** ang sinumang magiging kinatawan ng Sangguniang Bayan sa lokal na tagapagpatupad ng batas ay dapat magtaglay ng mga katangian na aangkop sa layunin ng hapag;

**SAPAGKAT,** ang Kgg. Lucio B. Constantino ay makatutugon sa anumang kapasiyahan at gawaing iaatang sa kanya ng nasabing katawan.

**SAPAGKAT,** ang kagalang-galang na Konsehal ay marapat na maging kinatawan ng Sangguniang Bayan sa PLEB sa kadahilanang bukod sa mga nauna, siya ay tagapangulo ng Lupon ng Katahimikan at Kaayusan ng kapita-pitagang kapulungan.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muli pang pinagpasiyahan na itinatalaga ang Kgg. Lucio B. Constantino bilang kinatawan ng SAngguniang Bayan sa People's Law Enforcement Board (PLEB).

**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-16th regular na pulong na ginanap noong ika-26 ng Oktubre, 1992.

**PINATOTOHANAN:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pangalawang Punongbayan/Pangulong Opisyal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kagawad
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINATIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan